# 5 Tips para sa Mamimili

**1. Tingnan ang timbang o panukat na aparato.**
Tiyakin na nagsisimula ito sa zero.

**2. Lahat ng mga bagay na natimbang at nabenta sa register ay dapat kasama ang mga nabawas para sa tare weight (pambalot, lalagyan, supot, atbp.).**
Lahat ng nakabalot na bagay na nabenta sa pamamagitan ng timbang ay dapat mayroong label ng net weight (ang timbang ng pambalot o lalagyan ay dapat hindi kabilang).

**3. Kapag bumibili ng gasolina, tingnan ang pump kung malinis at ilagay sa zero bago maglagay ng gasolina.**
Ang mga problema sa pagtakbo ng inyong sasakyan pagkatapos bumili ng gasolina ay dapat kaagad iulat sa Weights and Measures. Nakatitiyak nito na ang gasolina mula sa istasyon ay makunan ng sample at masuri para sa kalidad.


**4. Tingnan ang pahayag ng label at ikumpara ang mga bagay sa unit price.**
Ang laki ng pakete ay maaaring mapanlinlang. Ang mga paglalarawan gaya ng "king size," "giant size," "family size," atbp. ay hindi tumpak na representasyon ng dami. Mag-ulat ng tila pagkakaiba sa dami.

**5. Tingnan ang inyong mga resibo para sa kawastuan ng presyo.**
Lalung-lalo na ang mga bagay na naka-sale.

Kung sa tingin ninyo ay nasingil kayo ng sobra, sabihin sa clerk o ang store manager tungkol dito. Dapat niyo din iulat sa Santa Clara County Weights and Measures Division ang mga problema sa sobrang paniningil.

# Makipag-ugnayan sa Amin

Makipag-ugnayan sa Weights and Measures Division ng Santa Clara County, o sa California Division of Measurement Standards, upang mag-ulat ng mga reklamo o kahina-hinalang hindi kawastuan.



**Santa Clara County Weights and Measures Division**

1553 Berger Drive, Bldg. 1
San Jose, CA 95112
Phone: 408-918-4601 Fax: 408-286-2460
Scanner Hotline: 1-866-SCANNER (722-6637)
Email: scc.wts-measures@aem.sccgov.org
Website: http://weights.sccgov.org

**California Department of Food and Agriculture**

6790 Florin Perkins Road, Suite 100
Sacramento, CA 95828
Phone: (916) 229-3000
Fax: (916) 229-3026
Email: dms@cdfa.ca.gov/dms
Website: www.cdfa.ca.gov/dms

Santa Clara County
Weights and Measures Division


# Impormasyon ng Mamimili



## Nakukuha niyo ba ang halaga ng inyong pera?

1553 Berger Drive, Bldg. 1
San Jose, CA 95112
(408) 918-1601

# Ano ang Weights and Measures?



Karamihan sa ating binibili ay ibinebenta ayon sa timbang, dami, o sukat. Dahil hindi tayo nagdadala ng timbangan o kagamitang sukatan, paano natin natitiyak na ang isang pound ay isang pound, at ang isang pint ay isang pint?




Salamat sa inspeksiyon at imbestigasyon na isinagawa ng Estado at lokal na mga opisyal ng Weights and Measures, makakapamili ng may kumpiyansa ang mga mamimili.

Sinusuri namin ang kawastuan ng mga nakaempakeng kalakal, scanning devices, metro, timbangan, at gas pump. Sinusuri din namin ang kalidad ng gasolina, diesel fuel, motor oil, at brake fluid.

Ang pagtiyak ng patas at tapat na kumpetisyon para sa industriya at wastong paghahambing ng halaga para sa mga mamimili ay ang mga pangunahing tungkulin na isinasagawa ng Weights and Measures Division ng Santa Clara County at ng California Division of Measurement Standards.

## Makakatulong ang aming team

Ang aming mga inspektor ay narito upang protektahan kung kayo ay namimili, upang masiguro na hindi kayo naloloko sa pamamagitan ng mga sumusunod na programa:

### Pagkontrol ng Dami

Kung nararamdaman niyo na ang pakete ay kulang sa timbang o ang tatak ay mapanlinlang, tawagan kami at kami ay mag-iimbestiga kung tama ang produkto. Susuriin namin para sa timbang, dami, at bilang ng bagay.

### Petrolyo

Lahat ng petrolyo ay dapat makamit ang kalidad na mga pamantayan at may mahusay na paglalagay ng tatak. Kung nararamdaman niyo na ang produkto ay hindi tama ang tatak o hindi ayon sa karaniwang pamantayan, tawagan kami. Nag-iimbestiga kami ng gasolina, antifreeze, gear oil, automatic transmission fluid, at mga iba pa.

### Pagsunod sa Sukat

Sa batas, ang mga aparato sa pagtimbang at pagsukat, gaya ng gas pumps, timbangan, at checkout scanners ay dapat tama. Kung nakaranas kayo na ang panukat na aparato ay hindi tama, tawagan kami at mag iimbestiga kami upang siguraduhin na gumagana ng maayos.

### Weighmaster

Kung kayo ay pinagbayad sa tambakan sa pamamagitan ng bigat ng inyong basura, o kung bumili kayo ng maramihang laman ng materyales (gaya ng buhangin, graba, o semento), ang transaksiyon ay dapat isinasagawa ng lisensyadong weighmaster at dapat sila ay magbigay sa inyo ng opisyal na dokumento ng bigat. Tawagan kami kung nararamdaman niyong kayo ay niloloko ng weighmaster.

## Paano kami makakatulong?

Nagbibigay kami ng tulong sa mamimili sa pagtugon sa at paglutas ng mga reklamo ng mamimili. Nakalista sa ibaba ang ilang mga halimbawa kung paano kami makakatulong.

### Mapanlinlang na Pakete



### Kontaminadong Motor Vehicle Fuels



### Maling Paglalarawan ng Produkto Batay sa Timbang



### Moving Companies na Naniningil ayon sa Timbang



### Sobrang presyo sa Register, mga Problema sa Scanner



### Mga Metro ng Taxi

